

# Pagbasa

Ang pagbabasá ay isa sa mga pinakamabuting paraan upang tulungan ang mga bata na maging mahusay na mambabasa sa buong-buhay nila. Kapag nagbasá ka ng mga kamangha-mangha, nakakatawa, at mga kapana-panabik na kuwento sa inyong anak, ang mga ito'y mas malamang na nais matutong bumasa nang mag-isa kapag sila'y pumasok sa paaralan. Ang pagbabasá ay makakatulong din sa kanila na matutuhan ang mga bagong salita, mag-ugnay ng mga salita at mga larawan, at sundan ang isang kuwento mula sa umpisa hanggang katapusan.

## Laging magbasá

- ★ Gawing masaya, interactive, at espesyal na oras ang pagbabasá nang magkasama kayo.
- ★ Hayaan ang inyong anak na pumili ng mga librong gusto nilang basahin ninyo nang magkasama.
- ★ Basahin ang mga paboritong libro nang mahigit sa isang beses at magtanong habang binabasa niyo.
- ★ Ituro at basahin ang mga naka-print na bagay sa paligid niyo tulad ng mga label ng pagkain, street signs, at listahan ng mga bibilhin.

## Tungkol sa *The Reading Tree*

Ang Vancouver Public Library ay nalulugod na mag-alok ng libreng picture book na ito para sa mga pamilyang taga Vancouver na may maliliit na anak. Ang pagbabasá nang malakas sa mga bata ay isa sa mga pinakamahusay na paraan upang suportahan ng mga nakatatanda ang pag-unlad ng wika at karunungang bumasa't sumulat sa mga unang taon ng bata, at ang library ay ipinagmamalaki na maging isang tagapagtaguyod ng tagumpay ng mga bata.

## Mensahe mula sa Vancouver Coastal Health

Ito'y isang kamangha-mangha at mahalagang libro! Mula sa unang araw pa lang, ang isipan ng bata ay nagsisimula nang bumuo ng mga koneksyon sa mga bagay-bagay. Ang pagtataguyod ng maagang interes sa karunungan (literacy) ay lubos na mahalagang building block sa pag-unlad ng bata na may panghabang-buhay na epekto sa kalusugan at kagalingan (well-being). Ang librong ito ay isang masaya at interactive na paraan para sa mga magulang upang hikayatin ang kanilang anak sa mga unang pagtuklas sa mundo ng karunungan, may makatawag-pansing mga paglalarawan na tumutugmâ sa nakasulat na salita at marami pang iba. Sana ay masiyahan kayo katulad ko!

*Dr. Reka Gustafson, Medical Health Officer*

## Tungkol sa Patnubay na ito

Kasama sa maagang karunungan ang lahat ng nalalaman at natututuhan ng mga bata tungkol sa pagbasa at pagsulat bago sila tunay na magbasá at sumulat. Ang patnubay na ito ay nag-aalok ng impormasyon at mga aktibidad para sa inyo at inyong anak upang masiyahan at magdibelop ng maagang mga kasanayan sa karunungan nang kasama kayo.

## Alam mo ba?

Ayon sa pananaliksik ipinapakita na ang mga bata ay nagsisimulang matuto o maging literate bago pa man sila matutong bumasa. Bilang mga magulang at tagapag-alaga, marami ka nang mga maagang aktibidad para sa karunungan na kabilang sa pang araw-araw na buhay ng inyong anak. Maaari niyong suportahan ang maagang pag-unlad ng karunungan ng inyong maliliit na anak ngayon pa lang sa pamamagitan ng pakikipag-usap, pagkanta, paglalaro, pagsulat, at pagbabasa nang sama-sama.

# Makakatulong ang Library!

Ang mga tauhan ng library ay maaaring tumulong sa inyong buong pamilya na mag-sign up para sa libreng library card at maikonekta kayo sa ilang pinakamahusay na materyales at mga serbisyong magagamit niyo at ng inyong anak. Sa mga lokasyon sa buong Vancouver, ang library ay nag-aalok ng maraming resources upang suportahan kayo sa pakikipag-usap, pagkanta, paglalaro, pagsusulat, at pagbabasa nang kasama ang inyong anak, kabilang ang:

### ★ Mga libro, musika, videos, at marami pang iba

Ang mga bata, mga magulang, at tagapag-alaga ay maaaring manghiram ng picture books, mga rima o tugmaan, at mga kanta mula sa buong mundo sa iba't ibang wika. Ang koleksyon ng library ay mayroon ding musika at videos na masasabayan sa pagkanta at pagsayaw sa inyong tahanan.
Tingnan ang koleksyon: www.vpl.ca

### ★ Mga games, toys, at felt stories

Bumisita at masiyahan sa paglalaro ng games, toys, at felt stories sa library na malapit sa inyo. Ang inyong lokal na library branch ay may mga lugar para sa inyong anak upang maglaro at gamitin ang kanilang imahinasyon.
Maghanap ng isang branch: www.vpl.ca/branches


### ★ Storytimes, events para sa pamilya, at marami pa

Halina't sama-samang magsayá sa iba't ibang creative, pang-edukasyon, at masasayáng programa tulad ng storytimes, singalongs, at marami pang iba. Ang library ay nag-aalok din ng workshops para lamang sa mga magulang at tagapag-alaga upang makatulong na suportahan ang maagang karunungan sa tahanan.
Tingnan ang calendar ng events: www.vpl.ca/events

### ★ Kung may mga tanong?

Bisitahin ang www.vpl.ca o kontakin kami sa info@vpl.ca o 604.331.3603.

02-2017 [Filipino]




## Isang Patnubay para sa mga Magulang at Tagapag-alaga

VPL

Vancouver Public Library



## Pakikipag-usap

Nagsisimulang matuto ng wika ang mga sanggol mula sa oras nang sila'y ipinanganak. Mula sa mga nakikita at naririnig sa iba, makikipag-usap gamit ang mga salita o sign language. Karamihan sa mga bata ay natututuhan ang mga salita at ideya na makakatulong sa kanila upang bumasa kapag sila'y handa na.

### Makipag-usap tungkol sa anumang bagay

- ★ Kausapin ang inyong anak tungkol sa kung ano ang nangyayari sa paligid niyo – kahit na hindi pa sila nakapagsasalita o sumesenyas man lang, magsisimula ang mga ito na makilala ang mga salitang ginagamit niyo at mauunawaan nila.
- ★ Makipagkomunika sa wika na kung saan ay pinakamahusay ka, kabilang ang sign language.
- ★ Kapag ang inyong anak ay nagba-babble, sumesenyas o nagsasalita, pakinggan ang mga ito at sagutin.
- ★ Magdagdag ng mga detalye sa kung ano ang sinasabi sa inyo ng inyong anak at gumamit ng mga salitang naglalarawan.



## Pagkanta

Pinababagal ng pagkanta ang wika at makakatulong sa mga bata na marinig ang iba't ibang mga tunog ng mga salita. Ang pagputol ng mga salita sa pamamagitan ng mga tunog at syllables ay makakatulong sa mga bata na bumasa sa darating na araw.

### Magsimulang kumanta at tumulâ

- ★ Kumanta ng mga paboritong kanta at bumigkas ng mga rima sa wikang pinakamahusay ka.
- ★ Kumanta ng mga kanta mula sa kultura ng inyong pamilya.
- ★ Sabayan ng kanta ang inyong mga paboritong uri ng musika.
- ★ Pagtugmain ang mga kanta at rima sa inyong pang araw-araw na aktibidad gaya ng pagkain, pagpapalit ng diapers, at paghahanda para sa pagtulog.



## Paglalaro

Ang paglalaro ay masaya at makakatulong sa mga batang may iba't ibang kakayahan na magsanay sa pakikipagkomunika at pagbasa. Sa pamamagitan ng paggamit ng kanilang imahinasyon upang gumawa ng mga kuwento sa panahon ng paglalaro, masasanay ang mga bata sa kung paano tumatakbo ang kuwento at kung paano rin tumatakbo ang mundo.

### Maglaro, gumalaw, at mag-imagine

- ★ Bigyan ang inyong anak ng maraming pagkakataon upang maglaro, igalaw ang kanilang katawan, at lubos na gamitin ang kanilang imahinasyon.
- ★ Gamitin ang cardboard boxes, paper tubes, mga kaldero at kawali bilang mga kagamitan para sa imaginative na paglalaro.
- ★ Hayaang manguna ang inyong anak kapag kayo ay naglalaro nang magkasama.
- ★ Hikayatin ang inyong anak upang isagawa o i-play-act ang mga kuwento sa libro gamit ang mga laruan at iba pang mga bagay na mayroon ka sa bahay.



## Pagsulat

Ang mga bata ay nagsisimulang magsulat sa pamamagitan ng pagdrowing at pagmamarka sa papel. Anumang aktibidad ang ginagawa ng inyong anak sa kanilang mga braso, mga kamay, at daliri ay makakatulong sa pagdibelop ng mahusay na motor skills. Ang pagdrowing nang may krayola, paglalaro ng play dough, at pagpulot ng mga maliliit na bagay ay ilan lamang sa mga aktibidad na makakatulong sa pagdibelop ng koordinasyong kinakailangan para matutong sumulat.

### Magsimula sa maliliit

- ★ Sa oras ng pagkain, himukin ang inyong anak na pulutin ang maliliit na piraso ng pagkain upang kumain nang mag-isa.
- ★ Bigyan ang inyong anak ng blocks, bola, at ibang bagay upang igalaw at pagulungin.
- ★ Isulat ang pangalan ng inyong anak nang magkasama kayo at tulungan silang matutunan ang bawat titik.
- ★ Isulat ang isang kuwento na sinasabi ng inyong anak sa inyo, at pagkatapos ay basahin niyo nang magkasabay.